

## Pag-aalaga kapag kailangan ito

### Tulong sa Tagapag-alaga at edukasyon

Ang Serbisyo sa Bagong-Kalagayang Pag-aalaga ay nagdudulot ng edukasyon at tulong para sa mga tagapag-alaga, kabilang ang:

- Edukasyon at pansariling pamamahala
- Mga serbisyo sa pagpapayo o konseho
- Pagtataguyod o pagtangkilik
- Mga numero ng telepono para sa tulong, impormasyon, pagbibigay tiwala o kasiguruhan
- Pagsali sa paggawa ng mga plano sa pag-aalaga.

Ang Pamahalaan ng Australia ay nagbibigay rin ng mga serbisyo para sa mga tagapag-alaga, kasama ang:

- **Mga Sentro sa Pagpapahinga ng Tagapag-alaga ng Commonwealth** (Commonwealth Carer Respite Centres)  
Ang mga sentrong ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo, nagbibigay ng rekomendasyon sa ibang serbisyo at nag-aayos ng mga pangmaikling panahong pagpapahinga. Ang emerhensiyang pagpapahingang pag-aalaga ay maaaring gamitin 24 na oras sa isang araw. Tumawag sa 1800 059 059 para sa karagdagang impormasyon
- **Mga Sentrong Dulugan ng Tagapag-alaga ng Commonwealth** (Commonwealth Carer Resource Centres)  
Ang mga sentrong ito ay nagbibigay ng impormasyon at payo tungkol sa mga serbisyo at iba pang mga uri ng suporta at tulong. Tumawag sa 1800 242 636 para sa karagdagang impormasyon.
- **Panggastos ng Tagapag-alaga at Mga bayad sa Tagapag-alaga** (Carer Allowance and Carer Payments)  
Tulong sa pananalapi o pera ay maaaring makuha ng mga tagapag-alaga bilang sustento o panggastos o bayad sa isang tagapag-alaga.

Para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo para sa mga tagapag-alaga na binibigyan ng pondo ng Pamahalaang Commonwealth, tawagan ang numero sa itaas o tawagan ang Commonwealth Carelink Centre sa 1800 052 222. Walang bayad para sa mga tawag na ito.

Mga samahang tumutulong sa tagapag-alaga. Ang mga samahang ito, kabilang ang Carer's Queensland at ang Alzheimer's Association ay nagbibigay ng impormasyon, pagpapayo, pagsasanay, pagtataguyod at iba pang mga serbisyo.

## Programang Bagong-Kalagayang Pag-aalaga

### Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Ikaw ay maaaring magtanong sa doktor na gumagamot sa iyo at/o mga tauhan ng ospital para sa impormasyon tungkol sa Programang Bagong-Kalagayang Pag-aalaga o tawagan ang:

### Balik-puna ng Kliyente

Ang Programang Bagong-Kalagayang Pag-aalaga ay nakatalagang magbibigay ng mahusay ng mga serbisyo at ang iyong mga puna at mga mungkahi, kabilang na ang mga reklamo, ay malugod na tatanggapin sapagkat ang mga ito ay nagbibigay ng pagkakataon upang mapabuti ang serbisyo.

Upang makapag-bigay ng puna ukol sa serbisyo ng Bagong-Kalagayang Pag-aalaga na tinanggap mo, pakitawagan ang:



**Queensland Government**  
Queensland Health

Ang Programang Bagong-Kalagayang Pag-aalaga ay sama-samang binigyan ng pondo ng Pamahalaang Commonwealth, Estado at Territorio.

Filipino (Tagalog) May 2007

## Impormasyon para sa mga kliyente tungkol sa Programang Bagong-Kalagayang Pag-aalaga



## Pag-aalaga kapag kailangan ito



**Queensland Government**  
Queensland Health

Ang Programang Bagong-Kalagayang Pag-aalaga ay sama-samang binigyan ng pondo ng Pamahalaang Commonwealth, Estado at Territorio.

### Ano ang Bagong-Kalagayang Pag-aalaga?

Ang Programa ng Bagong-Kalagayang Pag-aalaga ay ginawa upang mabigyan ang mga matatandang tao ng tulong na pang-maikling panahon upang matulungan silang mapagbuti ang kanilang kalusugan at pagsasarili pagkatapos ng kanilang pagtigil sa ospital.

Ang Programa ay nagbibigay sa mga karapatdapat na matatandang tao ng isang pangkat ng mga serbisyo, kabilang ang teraping hindi gaanong matindi (kagaya ng teraping pangkatawan, teraping pangtrabaho at/o panlipunang trabaho), tulong na pag-aalaga at/o pansariling pag-aalaga. Ang Bagong-Kalagayang Pag-aalaga ay nagbibigay ng may takdang panahong tulong o suporta (hanggang 12 linggo) at ang pinahalagahan ay terapi o pagpapabuti ng kalagayan.

### Anu-anong mga serbisyo ang ibinibigay?

Ang karapatdapat na mga tao ay aalukin ng magkakasamang serbisyo upang matugunan ang kanilang pansariling mga pangangailangan, maaaring kabilang ang:

- Pamamahala ng kaso (isang pangkalusugang propesyonal ang magtutugma-tugma ng pag-aalaga at susubaybayan ang pagbuti o paggaling ng inaalagan)
- Magkaka-ugnay na mga serbisyong pangkalusugan (halimbawa. Teraping pangkatawan, teraping pangtrabaho at/o patolohiya ukol sa pagsasalita panlipunang trabaho, diyetisyan o espyalista sa diyeta at mga serbisyong pangsuporta)
- Pag-aalaga sa maysakit
- Mga serbisyong pangmedikal
- Pansariling Pag-aalaga
- Tulong Pantahanan
- Mga serbisyo ukol sa pagkain

Ang pangkalusugang propesyonal ay magsisiyasat kung ang mga pantulong sa pagkilos o pagpipigil ng ihi ay pansamantalang kailangan at siya ay magbibigay ng mga ito kung kailangan. Kung ang mga pantulong ay kailangan sa katapusan ng programa, tutulungan namin ang mga taong karapatdapat na makakuha ng mga ito sa pamamagitan ng Pamamaraang Tulong na Salapi para sa mga Pantulong na Medikal (Medical Aids Subsidy Scheme).

Ang Bagong-Kalagayang Pag-aalaga ay maaaring maibigay sa pantahananang kapaligiran o sa isang tirahan o lugar na nagbibigay ng mga Serbisyo sa Bagong-Kalagayang Pag-aalaga.

### Sino ang karapatdapat na tumanggap ng mga serbisyo?

Upang maging karapatdapat para sa Programa ng Bagong-Kalagayang Pag-aalaga, ang kliyente ay kailangang:

- matanda na at nasa ospital (mas bata kung katutubong Australyano)
- matatag ang kalagayang medikal at handa nang lumabas sa ospital
- pumayag na masuri ng ACAT kung karapatdapat para sa Programa Bagong-Kalagayang Pag-aalaga
- masuri o matasahan bilang nangangailangan ng mababang uri o hindi gaanong matinding pag-aalaga sa isang lugar na tinitirahan ng mga taong hindi makapag-alaga sa kanilang sarili
- maaaring makinabang sa pag-aalagang may tiyak na layunin, bumuti sa natakandang panahon at nakatuon sa terapi o pagpapabuti ng kalagayan
- may kakayahang mapabuti ang pagganap ng mga tungkuling pangkatawan

### Ano ang tungkulin ng Doktor (General Practitioner)?

Ipaalam sa doktor (general practitioner) kung ang isang tao ay natanggap sa Programa ng Bagong-Kalagayang Pag-aalaga at aanyayahan siyang sumali sa pagpapalano at pagrerepaso sa pag-aalaga habang nasa programa.



### Pagpapalano para sa mga serbisyo

Ang pagpapalano at pag-uugnay-ugnay ng mga serbisyo ng Bagong-Kalagayang Pag-aalaga ay ginagawa sa pamamagitan ng konsultasyon o pagsangguni sa kliyente, sa kanilang tagapag-alaga at pamilya.

Ang bawat kliyente ay magkakaroon ng pormal na kasunduan na magsasaad ng kanilang mga karapatan at mga responsibilidad at mga tungkulin ng tagapag-bigay ng serbisyo.

Ang mga serbisyo ay palagiang rerepasuhin upang matiyak na patuluyan nilang natutugunan ang mga pangangailangan. Ang anumang mga pagbabago na binabalak sa mga serbisyong ibinibigay ay pag-uusapan ng kliyente, ng tagapag-alaga at Tagapamahala ng Kaso ng Bagong-Kalagayang Pag-aalaga.



### May bayad ba ang mga serbisyo ng Bagong-Kalagayang Pag-aalaga?

Ang bawat tao ay hihingan ng kontribusyon para sa halaga ng kanilang mga serbisyo sa Bagong-Kalagayang Pag-aalaga. Ito ay 17.5% ng solong pangmatandang pensyon. Bibigyan ng espesyal na konsiderasyon ang sinumang hindi makababayad.

### Pribasia, dignidad at kumpidensyalidad

Ang bawat kliyente ng Programa ng Bagong-Kalagayang Pag-aalaga ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa mga responsibilidad ng mga tagapag-bigay ng serbisyo upang mapanatili ang kumpidensyalidad ng impormasyon tungkol sa kliyente; ang posibilidad na paggamit ng mga personal na impormasyon, at paano makikita o makukuha ang kanilang personal na pangkalusugang impormasyon kapag kailangan.

Bago magsimula ang serbisyo, hihingin ang pahintulot ng kliyente, batay sa pagkaka-intindi o pagkakaunawa nito.